**Paksa: Pang-angkop at Pang-ukol**

**Panuto A**: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na katanungan at i-type sa kahon ang titik ng tamang sagot.

______1. Aling pangungusap ang gumagamit ng pang-angkop ***NANG TAMA***?

A. Ang bahay ng malaki ay pag-aari ni Mang Jose.
B. Tumawa nang malakas ang bata na mallit.
C. Ang barangay na malinis ay masarap tirahan.
D. Ang guro ng nagbigay ng mahirap ng pagsusulit.

______2. Aling parirala ang **hindi** gumagamit ng tamang pang-angkop?

A. kahonng malaki
B. dahong berde
C. alagang aso
D. tapat na pinuno

______3. Aling pangungusap ang gumagamit ng **pang-ukol**?

A. Ayon sa aking mga guro, mag-aral daw akong mabuti para sa pagsusulit.
B. Mag-aaral ako nang mabuti dahil may pagsusulit bukas.
C. May mahirap na pagsusulit sa Filipino sa Lunes.
D. Magiging masaya talaga ang mga magulang ko.

______4. Aling grupo ng mga salita ang **pang-ukol**?

A. ayon sa, kung, samantala
B. ng, na, at
C. hinggil sa, tungkol kay, alinsunod sa
D. subalit, ngunit, datapwat

______5. Aling **parirala ang may tamang pang-angkop**?

A. pamilya na nagtutulungan
B. bahay ng malaki
C. panutong madali
D. mahirap ng pagsusulit.

______6. Aling pangungusap ang naglalarawan sa **pang-ukol**?

A. Ito ay mga kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala o sugnay.
B. Ito ay nag-uugnay sa dalawang salita lamang.
C. Ito ay mga kataga o salitang nag-uugnay sa mga salita upang maipakita ang pinag-uukulan, patutunguhan at pinagmulang pangngalan
D. Lahat ng nabanggit.

LIVEWORKSHEETS

______7. Ilan ang pang-ugnay(pang-angkop at pang-ukol) na makikita sa pangungusap?

Nagtutulungan ang mga mamamayang mabubuti
sa Barangay Cadena de Amor para sa maulad na kinabukasan.

A. 1
B. 2
C. 3
D. 4

______8. Alin ang pariralang may pang-ukol sa pangungusap sa bilang 7?

A. ang mga mamamayan
B. mamamayang mabubuti
C. Para sa maunlad
D. maunlad na kinabukasan

______9. Alin ang pang-ukol na ginamit sa pangungusap sa bilang 7?

A. ang mga
B. para sa
C. ayon sa
D. hinggil sa

______10. Anong pang-ukol ang kokompleto sa pangungusap na ito?

***______________ batas ng paaralan ang ginagawa ng mga magaaral kaya masaya ang mga guro.***

A. Tungkol sa
B. Laban sa
C. Para sa
D. Alinsunod sa

______11. Aling mga pang-ukol ang bubuo sa pangungusap?

__________ Ginoong Alan, sa Martes ay magkakaroon tayo ng pagsusulit __________ paggawa ng balangkas.

A. Ayon kay – tungkol sa
B. Hinggil sa – ukol kay
C. Para kay – para ka
D. Alinsunod sa – tungkol kay

LIVEWORKSHEETS

**Panuto B :** Bilangin ang ginamit na **pang-angkop** sa sumusunod na pangungusap.
I-type ang napiling bilang ng wastong sagot sa patlang

12. Magandang halimbawa ang pagkakabigan nina Jose at Juan.

**( 1 2 3 4 5 )**

13. Palagi silang nagtutulungan sa kanilang mga aralin at kahit ano pang problema.

**( 1 2 3 4 5 )**

14. Maging ang kanilang mga guro at mga magulang ay talagang natutuwa sa dalawa.

**( 1 2 3 4 5 )**

**Panuto C**: I-type ang tamang pang-ukol para mabuo ang pangungusap.

______________________15. Ang mga bulaklak ay **(para kay, tungkol kay)** Ate Jara dahil kaarawan niya.

______________________16**. (Alinsunod sa, Hinggil sa )** batas ang pagtawid sa mga tamang tawiran.

______________________17. Ang balita ay **(tungkol sa, tungkol ka**y) pagtitipid ng koryente ngayong tag-init.

______________________18. **(Ayon sa, Ayon kay)** Dr. Reyes, ako ay magaling na.

**Panuto D:** Mag-type ng pangungusap gamit ang mga pang-ugnay sa mga sumusunod na bilang. Bilugan ang pang-ugnay na ginamit sa pangungusap. (Hindi bababa sa 6 salita sa pagbuo ng pangungusap)

19. Gamit ang pang-angkop, pag-ugnayin ang mga salitang **kahon at malaki**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

20. Gamit ang pang-ukol, bakit mahalagang sumunod sa mga utos ng iyong mga magulang at guro?

______________________________________________

______________________________________________

Muling basahin at pagbalik-aralang mabuti ang inyong mga sagot.

☺☺☺☺☺☺☺☺☺☺☺

LIVEWORKSHEETS